

KUMPLETONG TEKSTO NG PANUKALA T

Kung dalawang-katlo ng mga manghahalal na boboto sa Panukalang Bono sa Paghahanda para sa Sakuna, Pamublikong Kaligtasan, at Imprastruktura ang bumotong aprubahan ang pag-iisyu ng mga pangkalahatang obligasyong bono ng Lunsod ng San José sa halalan na gaganapin sa ika-6 na Nobyembre 2018, iisyu ang mga naturang bond, alinsunod sa Kabanata 14.28 ng Kodigong Munisipal ng San José at ilang partikular na probisyon ng Pamahalaan ng California at malalapat ang mga sumusunod na probisyon:

- A. Magbibigay ang panukala ng awtorisasyon sa Lunsod upang mag-iisyu nang hanggang \$650 milyong prinsipal na halaga ng munisipal na Mga Pangkalahatang Obligasyong Bono (ang “Mga Bono”), para sa pagpopondo ng gastusin sa lupa o pagpapabuti ng lupa nang walang limitasyon para sa mga sumusunod na kategorya ng mga proyekto (magkakasamang tinutukoy bilang “Mga Proyekto”). Napagdesisyunan ng Konseho ng Lunsod na ang bawat ipinapanukalang mga kategorya ng Mga Proyekto ay mga kinakailangang pagpapabuti upang maisagawa ang mga pakay, layunin, at kapangyarihan ng Lunsod para sa pangangalaga ng pamublikong kalusugan, kapayapaan, at kaligtasan.
 1. Ang pagpapahusay ng mga pasilidad ng mga komunikasyon ng 911, pulisya, bumbero, at paramediko upang mapabuti ang pagtugon sa emerhensiya at sakuna na maaaring magsama ng complex ng pangasiwaan ng pulisya at bumbero na magkasamang ilalagay kasama ng sentro ng pagpapatakbo na pang-emerhensiya at mga komunikasyon ng 911 at sentro ng dispatsador; konstruksiyon ng Istasyon ng Sunog 37 at pagpapahusay at/o muling pagpapatayo ng mga karagdagang istasyon ng bumbero upang mapabuti ang mga tagal ng pagtugon sa emerhensiya batay sa pagsusuri ng Hepe ng Bumbero sa mga proyekto na lubos na kinakailangan upang mapabuti ang pagtugon sa emerhensiya; pasilidad para sa pagsasanay ng kadete ng pulisya at opisyal na maaaring isama sa mga pasilidad ng pagsasanay para sa iba pang pamublikong ahensiya; pagpapakabit ng mga imprastruktura ng mga broadband na komunikasyon para sa mga pang-emerhensiyang komunikasyon at agarang tulong sa sakuna; at pagpapalit ng mga LED na “smart” na ilaw sa sodium vapor at iba pang hindi napapanahong mga ilaw sa kalye nang may layuning bawasan ang paggamit ng enerhiya, makatipid sa mga gastusin sa pagpapatakbo, at pagpapaigting sa kaligtasan ng kapitbahayan; pagpapatayo ng mga ligtas at protektadong mga pasilidad para sa imbakan ng ebidensya sa pinangyarihan ng krimen at DNA para sa pagtatago kung sakaling magkaroon ng sakuna/pamublikong emerhensiya;

2. Pagkukumpuni ng mga lumang tulay na maaaring magiba kapag lumindol;
 3. Paglalagay ng aspalto sa mga lokal na kalsada at kalsada sa kapitbahayan at mga napakalalim na butas sa kalsada;
 4. Pagpigil sa pagbaha at pagdumi ng tubig, kabilang ang pagkuha ng bukas na espasyo sa Coyote Valley para sa mga layuning ito; at
 5. Pagkukumpuni o pagpapalit ng mahalagang imprastruktura na malamang na bawasan ang pangmatagalang paggastos sa mga pagpapatakbo o pagpapanatili.
- B. Sa pagpapalagay na naisyu ang \$650 milyong prinsipal na halaga ng Mga Bono na binigyan ng awtorisasyon ng panukalang ito, hindi bababa sa \$300 milyong prinsipal na halaga ng Mga Bono ang iiisyu para sa paglalagay ng aspalto sa mga kalye at mga napakalalim na butas sa kalsada.
- C. \$642,950,000 ang tinatantiyang gastusin sa Mga Proyektong popondohan ng Mga Bono at \$650,000,000 ang halaga ng pagkakautang na iminumungkahing magagastos. Kasama sa mga tinatantiyang gastusin sa Mga Proyekto ang mga gastusin sa pagtatamo ng lupa, mga gastusin sa paunang disenyo at konstruksiyon, gaya ng pagsusuri sa arkitektura, inhinyeriya, at kapaligiran, gastusin sa konstruksiyon, mga gastusin sa pamamahala ng konstruksiyon, (ng Lunsod man o ng ikatlong partido) at paghahanda para sa mga hindi inaasahang gastusin sa disenyo at konstruksiyon. Gayunpaman, hindi magagarantiya ng Lunsod na makakapagbigay ang Mga Bono ng mga sapat na pondo upang mabigyang-daan ang pagkumpleto ng lahat ng nabanggit na proyekto. Bukod pa rito, kasama sa mga tinatantiyang gastusin ang mga gastusing nauugnay sa pag-iisyu at pagbebenta ng Mga Bono.
- D. Kasama sa pahayag ng mga panukala sa balota ang mga tantiya ng mga average na taunang buwis na ipapataw batay sa tinasahang halaga ng ari-arian sa Lunsod at ang average na pinakamalapit na halaga na magagawa habang hindi pa nababayaran ang Mga Bono batay sa iba't ibang pagpapalagay na maaari hindi mangyari. Alinsunod sa Kodigo ng mga Halalan ng California Seksyon 9401 na isang Pahayag sa Antas ng Buwis na ipinapakita ng mas detalyado ang

tinatantiyang epekto ng buwis sa ari-arian kung ang iniisyung Mga Bono na batay rin sa mga pagpapalagay maaaring hindi mangyari, ay naihanda at nailakip bilang Eksibit B at nakalista bilang sanggunian sa Resolusyon na naglalagay sa panukalang ito sa Nobyembre 6, 2018 na balota. Inaaprubahan ng Konseho ng Lunsod ang Pahayag sa Antas ng Buwis at iniaatas na isama ito sa Impormasyon Para sa Botante na Bahagi ng Halimbawang Balota at na ang lahat ng opisyal na materyales na ibinibigay ng Lunsod patungkol sa mga iminumungkahing panukala na sumunod sa Kodigo ng mga Halalan ng California Seksyon 9402.

- E. Kinikilala ng Konsehong ito ang mga probisyon ng Kodigo ng Pamahalaan ng California Seksyon 53410 at kasunod nito na nauugnay sa pananagutan sa bono at mga kagustuhang magtakda ng mga probisyon sa pananagutan sa bonong naaangkop sa Mga Bono kabilang ngunit hindi limitado sa mga probisyong iyon. Dahil dito, malalapat ang sumusunod kung ang Mga Bono ay awtorisado at naisyu:
1. Ang ispesipikong layunin ng Mga Bono ay pondohan ang mga gastusin sa mga Proyekto gaya ng nakalagay sa Seksyon B at C sa itaas.
 2. Gagamitin ang mga malilikom ng Mga Bono para sa mga layuning tinutukoy sa Seksyon A sa itaas.
 3. Kukuwentahin ang mga malilikom ng Mga Bono para sa isa o higit pang account na hiwalay mula sa iba pang pondo at account ng Lunsod. Maaaring hawakan ng Lunsod o ng katiwala para sa Mga Bono ang mga malilikom ng Mga Bono, gaya ng iniatas ng Direktor ng Pananalapi ng Lunsod.
 4. Inaatasan ang Tagasuri ng Lunsod na gumawa ng hiwalay na pagsusuri ng mga malilikom ng Mga Bono na nauugnay sa mga taunang pagsusuri sa mga pahayag ng Lunsod tungkol sa pananalapi na isinagawa ng panlabas na tagasuri ng Lunsod.
 5. Magsasalansan ang Direktor ng Pananalapi ng Lunsod ng mga taunang ulat sa Konsehong ito na magkaloob ng impormasyon simula sa ika-30 ng Hunyo ng naunang taon ng pananalapi na nauugnay sa halaga ng mga

inisyung Bono, halaga ng mga buwis sa ari-arian na alinsunod sa halaga na kinokolekta at ang mga katayuan ng Mga Proyekto.

6. Maghihirang ang Konsehong ito ng Komite na bubuuin ng mga residente ng Lunsod upang mabigyan ng kakayahan ang komunidad na bantayan ang paggastos sa Mga Bono. Pagpapasyahan ng hiwalay na pagkilos ng Konsehong ito ang laki, pagkabuo nito, at mga ispesipikong responsibilidad ng Komite sa Pangangasiwa ng Komunidad, bago ang pag-iisyu ng anumang Bono.

PAHAYAG NG ANTAS NG BUWIS

Gaganapin ang isang halalan sa Lunsod ng San Jose (ang "Lunsod") sa Nobyembre 6, 2018, upang awtorisahan ang pagbebenta ng mga pangkalahatang obligasyong bono ng Lunsod na nagkakahalaga ng hanggang \$650 milyon upang tustusan ang mga proyektong nakasaad sa panukala. Kung aawtorisahan ang mga bono, inaasahan ng Lunsod na ibenta ang mga bono sa ilang serye. Babayaran ang prinsipal at interes sa mga bono mula sa mga nalikom na buwis na ipinataw sa mga ari-ariang pinapatawan ng buwis sa Lunsod. Ibinibigay ang sumusunod na impormasyon alinsunod sa seksyon 9400-9404 ng Kodigo ng mga Halalan ng California.

1. Ang pinakamalapit na pagtatantiya mula sa mga opisyal na pinanggagalingan ng pangkaraniwan na taunang antas ng buwis na kailangang ipataw upang mapondohan ang mga bonong inisyu sa kabuuang tagal ng serbisyo sa utang sa bono, batay sa mga tinasang halaga na makukuha sa panahon ng halalan o sa isang pagtataya na batay sa karanasan sa loob ng parehong hurisdiksyon o iba pang napapatunayang bagay ay 1.07 sentimo bawat \$100 (\$10.69 bawat \$100,000) ng tinasang halaga ng lahat ng bubuwisang ari-arian. Ang pinakamalapit na pagtatantiya ng huling taon ng pananalapi kung kailan inaasahang makokolekta ang buwis ay sa taon ng pananalaping 2056-57.
2. Ang pinakamalapit na pagtatantiya mula sa mga opisyal na pinanggagalingan hinggil sa pinakamataas na antas ng buwis na kailangang ipataw upang mapondohan ang mga inisyung bono, at isang pagtatantiya ng taon kung saan malalapat ang antas ng buwis na iyon, batay sa mga tinasang halaga na makukuha sa panahon ng halalan o sa pagtataya na batay sa karanasan sa loob ng parehong hurisdiksyon o iba pang napapatunayang bagay ay 1.84 sentimo bawat \$100 (\$18.41 bawat \$100,000) ng tinasang halaga ng lahat ng bubuwisang ari-arian. Ang pinakamalapit na pagtatantiya ng taon kung kailan malalapat ang pinakamataas na antas ng buwis ay inaasahang sa taon ng pananalaping 2027-28.
3. Ang pinakamalapit na pagtatantiya mula sa mga opisyal na pinanggagalingan ng serbisyo ng kabuuang utang, kabilang ang prinsipal at interes, na kakailanganing bayaran kung nailabas at naibenta ang lahat ng bono ay humigit-kumulang \$1.300 bilyon.

Dapat tandaan ng mga botante na ang mga tinatantiyang antas ng buwis ay batay sa TINASANG HALAGA ng ari-ariang pinapatawan ng buwis sa opisyal na mga talaan ng buwis ng County ng Santa Clara, hindi sa halaga sa pamilihan ng ari-arian. Dapat sumangguni ang mga may-ari ng ari-arian sa kanilang mga sariling singil sa buwis sa ari-arian upang malaman ang tinasang halaga at anumang mga naaangkop na pagkalibre sa buwis sa kanilang ari-arian.

Nakatuon ang atensyon ng lahat ng botante sa katunayan na ang nabanggit na impormasyon ay nakabatay lang sa mga pagtataya at pagtatantiya ng Lunsod, na hindi kailangang panindigan ng Lunsod. Ang mga aktwal na antas ng buwis at mga taon kung kailan malalapat ang mga ito ay maaaring mag-iba mula sa mga natantiya sa kasalukuyan, dahil sa mga pagkakaiba-iba mula sa mga pagtatantiyang ito sa panahon ng mga pagbebenta sa bono, sa halaga ng mga ibinentang bono at sa mga antas ng interes sa pamilihan

sa panahon ng bawat pagbebenta, at mga aktwal na tinasang halaga sa loob ng termino ng pagbabayad ng mga bono. Ang mga petsa ng pagbebenta at ang halaga ng mga ibinentang bono sa anumang partikular na panahon ay pagpapasiyahan ng Lunsod batay sa pangangailangan ng mga pondo para sa konstruksiyon at iba pang mga dahilan. Ang mga aktwal na antas ng interes kung saan ibebenta ang mga bono ay dedepende sa pamilihan ng bono sa panahon ng bawat pagbebenta. Ang aktwal na tinasang halaga sa hinaharap ay magdedepende sa laki at halaga ng ari-ariang pinapatawan ng buwis sa loob ng Lunsod na napagpasiyahan ng Tagatasa ng County ng Santa Clara sa taunang proseso ng pagtatasa at pagpapantay.

Pinetsahan: Agosto 10, 2018

INAPRUBAHAN NG KONSEHO NG LUNSOD NG SAN JOSE